
# Point VIEWER Publishing

PVN

ISSN : 2704 - 4270 | VOL. VIII | ISSUE NO. 07 | SEPTEMBER 15 - 21, 2025 | ₱ 15.00




by: Bro. Ernie Acayan

CHARISMATIC OUTREACH MINISTRIES FOUNDATION, INC.

PAHINA 5

**14 patay, matapos ang marahas na protesta sa Nepal laban sa social media ban** PAGE 7

# EASTERN VISAYAS RSTW 2025 SPURS PARTNERSHIPS FOR SMARTER COMMUNITIES

BASAHIN SA PAHINA 3



**US Open defending champion Aryna Sabalenka muling nakapasok sa finals** P8

## Statement of the Dayang Family Four Months After Journalist Johnny Dayang's Assassination

BASAHIN SA PAHINA 3




## DOST – Pangasinan opens opportunities for PDLs in Dagupan City Jail, provides training on Calamansi Juice Processing

BASAHIN SA PAHINA 3




## DOT launches Philippine Golf Experience to boost PH tourism promotion

PAHINA 2

## Catarman communities empowered wit new DOST Projects

BASAHIN SA PAHINA 3

**Cayetano sa Ombudsman: Magsagawa ng lifestyle check sa mga opisyal ng gobyerno** PAGE 2

**Alex Eala, umangat sa World No. 61 ng WTA matapos ang magwagi sa Guadalajara 125 Open** PAGE 8

**Newsome pumayag ng 3-year contract extension sa Bolts** 8

**Carmelo Anthony at iba pang NBA at WNBA Stars, pinarangalan sa 2025 Basketball Hall of Fame** P8

## Cayetano sa Ombudsman: Magsagawa ng lifestyle check sa mga opisyal ng gobyerno

Hinimok ni Senador Alan Peter Cayetano ang Office of the Ombudsman na magsagawa ng maagap na lifestyle checks sa mga opisyal ng gobyerno bilang panangga laban sa korapsyon.

Iminungkahi ito ni Cayetano sa kanyang pagtatanong sa mga kandidato na nagnanais maging susunod na Ombudsman, na isinagawa ng Judicial and Bar Council (JBC) mula August 28 hanggang September 2, 2025.

Si Cayetano ang Senate representative sa JBC sa kanyang kapasidad bilang Chair ng Senate Committee on Justice and Human Rights.

"I'd really like for you to consider lifestyle checks. Kasi kung wala, there's no deterrent," sabi ni Cayetano sa isang kandidato para sa pagka-Ombudsman.

Ipinaliwanag ng senador ang kahalagahan ng lifestyle checks sa pagkumpirma kung naaayon ba ang pamumuhay ng isang opisyal ng gobyerno kumpara sa idineklarang kayamanan base sa kanyang opisyal na Statement of Assets, Liabilities, and Net Worth (SALN).

"Ngayon sa social media, kapag nakita sa SALN mo na meron kang P5 million, but because all of that were acquired in the 1970s to 80s, and you have a car or watch, they automatically think you're corrupt. On the other hand, if you say no to lifestyle checks, many will be flaunting their wealth," wika ng senador.

Binigyang diin rin ni Cayetano ang kahalagahan na mamuhay ng payak at umiwas sa marangyang buhay ang mga opisyal ng gobyerno. Sinabi niya ito sa gitna ng mga maiinit na alegasyon ngayon ng korapsyon sa flood control at ghost projects.

Iginiit rin niya na dapat mapili ang isang matuwid at proactive na Ombudsman sa gitna ng mga pagsisikap ng pamahalaan na tugunan ang katiwalian.

"Napakahalaga na tama ang mapili nating Ombudsman. Given y'ung nangyayari ngayon sa Department of Public Works and Highways (DPWH), given y'ung perennial na nangyayari sa iba't ibang departamento, having a very proactive but balanced Ombudsman will really change so much," aniya.

Dagdag pa niya, malaking bagay ang pagpili sa susunod na Ombudsman dahil magiging kritikal ito sa pagbabalik ng tiwala ng publiko sa gobyerno.

"I think who the next Ombudsman is will determine whether people will totally lose confidence in any government official," wika ng senador.

"If we have a good Ombudsman, I really believe na pwedeng bumalik ang tiwala ng tao sa public officials," dagdag pa niya.

## DA,walang patid sa pagmo-monitor sa presyo ng ilang pamilihan sa Metro Manila

Patuloy ang masigasig na pag-iikot ng Department of Agriculture (DA) sa iba't ibang pamilihan sa Metro Manila.

Ang layunin ng mga pag-iikot na ito ay upang mahigpit na bantayan at masubaybayan ang presyo ng mga pangunahing bilihin na kinakailangan ng mga mamamayan.

Tinitiyak ng DA na walang labis na pagtaas sa presyo ng mga produkto at na sapat ang suplay sa mga pamilihan.

Ang nasabing pag-iikot ay pinangunahan ni DA Assistant Secretary for Agribusiness, Marketing, and Consumer Affairs Atty. Genevieve Velicaria-Guevarra, kasama ang Food Terminal Inc.Sila mismo ang nagsagawa ng market visit sa dalawang pangunahing pamilihan, ang Bicutan Market at ang Taguig People's Market. Personal nilang kinausap ang mga nagtitinda at bumibili upang malaman ang kalagayan ng presyo at suplay ng mga produkto.Sa isinagawang masusing inspeksyon at pagmamanman, nakita at napansin na bahagyang tumaas ang presyo ng ilang imported na produkto tulad ng imported rice, kamatis, sili, at ilang uri ng isda. Ang pagtaas na ito ay maaaring dahil sa iba't ibang mga kadahilanan, kabilang na ang pagbabago sa halaga ng palitan at ang gastos sa pag-angkat.

Gayunpaman, mayroon ding magandang balita dahil bumaba naman ang presyo ng manok at baboy, na nakatulong upang mapagaan ang gastusin ng mga mamimili.

Sa kabila ng pagtaas ng ilang imported na produkto, natukoy din sa inspeksyon na malakas at patuloy ang bentahan ng mga lokal na produkto, partikular na ang lokal na bigas at karne.

Ito ay nagpapakita na mas pinipili ng mga mamimili ang mga produktong gawa sa Pilipinas. Ito rin ay nagpapatunay na may sapat na suplay ng mga lokal na produkto sa mga pamilihan.

# DOT launches Philippine Golf Experience to boost PH tourism promotion

GolfEx is a pioneering initiativ of the Department designed to showcase the country as a premier golf destination. It is modeled after the DOT's flagship Philippine Experience Program: Heritage, Culture, and Arts Caravans (PEP) launched nationwide.

Tourism Secretary Christina Garcia Frasco led the ceremonial tee-off at the scenic Mimosa Plus Golf Course, where she was joined by Senator Lito Lapid, members of the Diplomatic Corps, including Ambassador Abdul Malik Melvin Castelino of the Embassy of Malaysia, Ambassador Thai Binh Lai of the Embassy of Vietnam, Ambassador Marielle Geraedts of the Embassy of Netherlands, Clark Development Corporation President and Chief Executive Officer (CEO) Atty. Agnes Devanadera, Filinvest Hospitality Corporation Senior Vice President Francis Gotianun, and other golf stakeholders from the tourism and business sectors.

"For many years, it has been a long-held desire to bring golf and tourism together in a way that truly unlocks their potential. We have always known that the Philippines—with its stunning landscapes, vibrant culture, and warm hospitality—together with more than a hundred world-class quality golf courses across our islands, has all the makings of a world-class golf destination. What was needed was a deliberate effort to place golf within our broader national strategy, not only as a sport, but as an experience that brings together play, culture, as well as community," Secretary Frasco emphasized in her speech.

The tourism chief said that under the Marcos Administration, the DOT pivoted to an innovative approach that not only counts the country's tourist arrivals but also puts a premium on measuring the value of tourist offerings.

"Tourism, after all, is not only about how many people have arrived, but rather about how many livelihoods it sustains, how many enterprises it strengthens, and how deep the pride of place it nurtures across our communities. Golf captures this most beautifully—for when done sustainably, golf is a high-value, low-impact form of tourism that draws travelers to stay longer, spend more, and engage more deeply with our destinations, not to mention come back again and again," she noted.

With the presence of partners from the public and private sectors, as well as members of the Diplomatic Corps, she said that the event strengthens partnerships among all stakeholders by likewise campaigning for the Philippines as a destination for tourist source and opportunity markets.

Furthermore, the Secretary described that the launch of GolfEx in Clark "is no coincidence" as the emerging leisure golf and leisure hub now has a world-class international airport and facilities.

Clark ready to host major golf tournaments and other sporting events

For her part, Atty. Devanadera expressed confidence in Clark's readiness to host major golf tournaments and other sporting events.

"Clark is ready for the golf tournaments and all kinds of sports tournaments, and we would like to inform you, and to show you, that the secret here is synergy—synergy among the locators, synergy with the government agencies, synergy with our foreign friends, and above all, the leadership of the Department of Tourism, under, of course, the guidance of our President," she said.

Also present at the kickoff event are Global Tourism Business Association (GTBA) Founder and Chairman Michelle Taylan, Tourism Congress of the Philippines President (TCP) James Montenegro, and DOT Undersecretaries Shahlimar Hofer Tamano and Ferdinand Jumapao, Tourism Infrastructure and Enterprise Zone Authority (TIEZA) Chief Operating Officer Mark Lapid, Assistant Secretaries Judilyn Quiachon and Ronald Conopio, Director for Golf Tourism Lyle Uy, DOT-3 Regional Director Richard Daenos, and other officials of the DOT Central and Regional Offices.

The event highlighted basic golf lessons facilitated by the Professional Golfers Association of the Philippines, Inc. (PGAP) through the Mimosa Plus Golf Academy. While the members of the Diplomatic Corps, professional golfers and enthusiasts, engaged in an 18-hole friendly golf tournament, allowing them to experience the country's world-class golf facilities and scenic courses.

On its second day (Aug. 30), delegates were introduced to key landmarks such as the Parade Grounds, Fort Stotsenberg, Centennial Barn Houses, and the historic White House through a rolling tour. Participants were also oriented with Clark's modern attractions, including Aqua Planet, Clark Safari, Sun Valley Golf and Country Club, and the world-class Clark International Speedway, along with major developments such as the Clark Multi-Specialty Hospital Site and the newly opened Clark International Airport Terminal.

Tourism Secretary Christina Garcia Frasco leads the ceremonial tee-off at the launch of the Philippine Golf Experience in Clark, Pampanga

From left to right: DOT Director for Golf Tourism Lyle Uy, TIEZA COO Mark Lapid, Tourism Secretary Christina Garcia Frasco, Senator Lito Lapid, DOT Undersecretary Shahlimar Hofer Tamano, and DOT Central Luzon Director Richard DaenosTourism Secretary Christina Garcia Frasco, Clark Development Corporation President and Chief Executive Officer (CEO) Atty. Agnes Devanadera, Filinvest Hospitality Corporation Senior Vice President Francis Gotianun, together with delegates from the Diplomatic Corps, including Ambassador Abdul Malik Melvin Castelino of the Embassy of Malaysia, Ambassador Thai Binh Lai of the Embassy of Vietnam, Ambassador Marielle Geraedts of the Embassy of Netherlands, and other golf delegates from the tourism and business sectors

The Philippine Golf Experience highlighted basic golf lessons facilitated by the Professional Golfers Association of the Philippines, Inc. (PGAP) through the Mimosa Plus Golf Academy




**Clark, Pampanga—Positioning the Philippines as a premier golfing destination, the Department of Tourism (DOT) officially launched the first-ever Philippine Golf Experience (GolfEx) on Friday (August 29) at Clark, Pampanga, one of the country's emerging golf and leisure hubs—marking a major step in integrating golf into the country's tourism agenda.**

Point VIEWER Publishing PVN

*LEMUEL D. JUNIO*
Publisher

*DARYL JETT M. ALVAREZ*
Editor-in-Chief

*CHRISTIAN V. MANGAHAS*
Business Manager

*DEMILYN JOYCE M. ALVAREZ*
Layout Artist

PVN POINT VIEWER PUBLISHING is published weekly, Monday, and circulated in the Philippines and office is located at No. 59 K - I Street corner K - 7 Street, Barangay East Kamias, Quezon City, Metro Manila, Philippines. The newspaper's advocacy is to promote "accountability, good governance, justice, rule of law, transparency, truth, good ethics and positive values and priciples" in the private and public sectors!

papi
Publishers Association of the Philippines, Inc.

DISCLAIMER

READERS, BUYERS & SELLER and PROSPECTIVE JOB APPLICANTS are hereby advised to make necessary inquiries before getting into binding agreement in relation to an advertisement in PVN POINT VIEWER PUBLISHING.

PVN POINT VIEWER PUBLISHING shall not be held liable for any loss or incurred through any advertisement published in the said ads paper.

INFORMATION

**Contact Number**
+63 921 561 0398 / +63 948 841 7993 / 8281-5802
**Website**
www.pvnpvp.com
**Email Address**
pvnpointviewerpublishing@yahoo.com
pvnpointviewerpublishing@gmail.com

ADVERTISING RATE

**Commercial/Display:** P200.00/column Centimeter
**Classified/Legal Notice:** P160.00/column Centimeter

# DOST – Pangasinan opens opportunities for PDLs in Dagupan City Jail, provides training on Calamansi Juice Processing





**In its continuing effort to bring science, technology, and innovation closer to all, the Department of Science and Technology - Pangasinan (DOST-Pangasinan) conducted a Technology Training on Calamansi Juice Processing for 30 Persons Deprived of Liberty (PDL) on August 20, 2025, at the Dagupan City Jail – Male Dormitory (DCJ-MD).**

The partnership between DOST-Pangasinan and DCJ-MD forms part of its Skills and Enhancement Training Program for both PDLs and jail officers. The training opens opportunities for microenterprise development inside and outside the facility, giving PDLs a better chance at opening opportunities that support rehabilitation and successful reintegration into their communities

One of the participants, identified as "Mario" (not his real name), shared, "Ang training na ito ay nagbigay sa amin ng pag-asa na makapagsimula ng kabuhayan kapag nakabalik na kami sa aming mga tahanan. Taos-puso kaming nagpapasalamat sa kaalanan at sa pagkakataong matuto habang ginugugol namin ang panahon dito" (This training has given us hope to Start a livelihood once we return to our homes. We are sincerely grateful for the knowledge and for the opportunity to learn while spending our time here).

Mr. Alvin S. Aguilan, Instructor I from Pangasinan State University – Bayambang Campus, and Ms. Monica May B. Varilla, a Professional Food Technologist from the DOST Region 1 – PSU Food Innovation Center served as the resource persons of the training. The activity featured Calamansi Juice Processing as one of the technology offerings of the PSU–DOST Region 1 FIC under its extension and skills training program, which aims to promote food innovation and enterprise development. The participants also learned about current Good Manufacturing Practices (GMP) and Basic Food Safety, essential foundations for producing safe and market-ready food products.

SJO4 William L. Atiwag Jr., DCJ-MD Unit Executive Senior Jail Officer, emphasized the importance of the activity, noting that the support of DOST-Pangasinan and PSU-DOST 1 FIC greatly contributes to empowering PDLs by providing them with technology-based skills training that prepares them for livelihood and reintegration. **(Brenn Justin P. Guevarra)**




## Statement of the Dayang Family Four Months After Journalist Johnny Dayang's Assassination

On this day, August 29, the Church commemorates the Martyrdom of St. John the Baptist, who was executed for speaking truth to power and refusing to remain silent in the face of wrongdoing.

Exactly four months ago, on April 29, our father, veteran journalist Johnny Dayang, met a similar fate. He was assassinated for being a fearless voice of conscience, a man who dedicated his life to truth, and someone who never compromised in his duty to inform the public. Like John the Baptist, he unsettled those who thrived in silence and falsehood. And like St. John, he was silenced by violence.

As his family, we affirm that while his life was cut short, his voice endures. His writings, his example, and his memory remain alive. His legacy as a journalist and as a truth-teller cannot be erased.

Violence may end a life, but it can never extinguish the truth for which that life was lived.

We continue to seek justice for his assassination, holding on to the hope that those responsible will be held accountable.

"Four months after the assassination of our father, veteran journalist Johnny Dayang, we mark today's Feast of the Martyrdom of St. John the Baptist. Like St. John, he was silenced by violence for speaking truth to power. But his voice, his legacy, and the truth he lived for can never be erased." – The Dayang Family

# Catarman communities empowered wit new DOST Projects

These projects go beyond tools and equipment—they are investments in resilience, productivity, and progress for the people of Catarman. Mayor Kiterio Antonio U. Palarca II received the Certificate of Property Acknowledgment Receipt on behalf of the LGU, marking a milestone partnership that brings science, technology, and innovation closer to every Catarmanon.

Here are the projects turned over:

Project title: Support to Response and Alert System: A DOST CEST DRRM Project in Catarman, Camiguin
S&T Intervention: Water Level Monitoring System (WLMS) & Automated Rain Gauge (ARG)
Project title: Upgrading of Organic Fertilizer Production Utilizing Vermiculture Technology in Catarman, Camiguin
S&T Intervention: Vermiculture technology with agricultural shredder
Project title: Productivity Improvement of Tablea Production through Provision of Various Equipment and Other Related S&T Interventions of Catarman Cacao Growers Association in Catarman, Camiguin
S&T Intervention: GMP & Food Safety training, roasting machine, colloid mill, dehuller, stainless tables
Project title: Upgrading of Bamboo Processing Facility of Sto. Niño Multi-Purpose Cooperative, Catarman, Camiguin
S&T Intervention: bamboo pole cutter, strip layering & splitting machine
Project title: Increase Income by Development of Processed Meat Products of PACOWA Meat Processors in Catarman, Camiguin
S&T Intervention: vacuum sealer, grinder, freezer, stainless tablesThrough these projects, Catarman is not only better prepared to face challenges but also ready to unlock greater opportunities and a brighter future for its people. The Community Empowerment through Science and Technology (CEST) Program is DOST's flagship initiative that brings S&T interventions to communities in the areas of livelihood, health, education, disaster risk reduction, and environment. It is designed to empower grassroots communities by providing practical solutions that improve quality of life and promote sustainable development.

Mga Komunidad ng Catarman, Pinalakas sa Bagong Proyekto ng DOSTCatarman, Camiguin – Noong Agosto 19, 2025, pormal na itinurn-over ng Department of Science and Technology – Northern Mindanao (DOST-10) sa Bayan ng Catarman ang limang (5) Community Empowerment thru Science and Technology (CEST) projects na nagkakahalaga ng ₱3,062,174.00. Pinangunahan ito ni Regional Director Engr. Romela N. Ratilla.Tinanggap ni Mayor Kiterio Antonio U. Palarca II ang Certificate of Property Acknowledgment Receipt para sa lokal na pamahalaan, na nagsisilbing simbolo ng pakikipagtulungan upang mailapit ang agham, teknolohiya, at inobasyon sa bawat Catarmanon.

Mga Proyektong Itinurn-over:
• Support to Response and Alert System – Water Level Monitoring System at Automated Rain Gauge
• Upgrading of Organic Fertilizer Production – Vermiculture technology at agricultural shredder
• Improvement of Tablea Production – Makinarya at pagsasanay sa GMP at Food Safety
• Upgrading of Bamboo Processing Facility – Bamboo pole cutter at splitting machine
• Processed Meat Product Development – Vacuum sealer, grinder, freezer, stainless tables

Ayon sa DOST, ang mga proyektong ito ay hindi lamang kagamitan kundi puhunan sa katatagan, kabuhayan, at kaunlaran ng Catarman.

Ang CEST Program ang pangunahing inisyatiba ng DOST na nagbibigay ng interbensyon sa kabuhayan, kalusugan, edukasyon, disaster risk reduction, at kapaligiran upang matulungan ang mga komunidad sa mas ligtas at mas maunlad na kinabukasan.




**On August 19, 2025, the Department of Science and Technology – Northern Mindanao, led by Regional Director Engr. Romela N. Ratilla, officially turned over five (5) Community Empowerment thru Science and Technology (CEST) projects worth ₱3,062,174.00 to the Municipality of Catarman, Camiguin.**

# Eastern Visayas RSTW 2025 Spurs Partnerships for Smarter Communities

**Tacloban City, Leyte – Eastern Visayas formally opened the 2025 Regional Science, Technology, and Innovation Week (RSTW) on September 3 at Summit Hotel, with simultaneous exhibits and activities at Robinsons Mall, Marasbaras. Organized by the Department of Science and Technology (DOST) Region VIII, the event brings together government, academe, industry, and communities to showcase how science, technology, and innovation (STI) can shape smarter and more sustainable communities across the region.**




The celebration commenced alongside the GeoRisk PH Summit, highlighted by the signing of a memorandum of agreement for the regional rollout of the GeoRisk Philippines Integrated Platform. This digital system serves as a one-stop hub for hazard assessments, mapping tools, and real-time analytics—supporting disaster risk reduction, evidence-based planning, and policy development for local governments and stakeholders.

In his keynote message, DOST Secretary Renato U. Solidum Jr. stressed the importance of harnessing STI to build resilience and foster inclusive development. He emphasized that through strong partnerships among government, the private sector, and local communities, it is possible to envision a future where disasters are less destructive, renewable energy is widely adopted, agriculture adapts to climate change, and growth opportunities extend even to rural areas.

With the national theme "Siyensiya, Teknolohiya at Inobasyon: Kabalikat sa Matatag, Maginhawa at Panatag na Kinabukasan" and the regional banner "Building Smart and Sustainable Communities," this year's RSTW highlights how emerging technologies, local innovations, and community-driven solutions can address pressing challenges and drive regional progress. Participants are expected to engage in forums, explore interactive exhibits, and experience technology demonstrations from DOST and its partners.

A major highlight of the week is the 2025 STI Awards, which recognized outstanding beneficiaries of DOST programs such as the Small Enterprise Technology Upgrading Program (SETUP), Community Empowerment thru Science and Technology (CEST), and Grants-in-Aid (GIA). From entrepreneurs developing unique products to farmer groups adopting modern technologies, this year's awardees exemplify how science and innovation directly uplift lives and strengthen local industries. As Secretary Solidum noted, the honorees prove that science is not confined to textbooks or laboratories—it is about lives improved, livelihoods uplifted, and futures secured.

Another key feature was the signing of a partnership among the DOST-Philippine Textile Research Institute (PTRI), DOST Region VIII, and the Local Government Unit of Bobon, Northern Samar. The collaboration seeks to enhance fiber extraction technologies from abaca and pineapple, transforming agricultural by-products into sustainable raw materials for the textile sector while creating new livelihood opportunities in local communities.

Running until September 5, the 2025 RSTW in Eastern Visayas stands as a regional showcase of innovation and collaboration—affirming that science and technology are vital in building resilient, future-ready, and inclusive communities. (Nelson Santos)



By
Bro. Ernie Acayan

Kaw.4:23
"Ang puso mo'y ingatang mabuti at alagaan, pagkat iyan ang siyang bukal ng buhay mong tinataglay."

GAANO BA KAHALAGA ANG PUSO MO?

Ang puso ng tao'y ay binubuo ng kanyang kaisipan, damdamin, pananaw at lahat ng sangkap ng buo niyang pagkatao. Ang puso natin ay maaaring magdala sa atin ng isang maayos na pamumuhay o matinding kapahamakan.
Subali't ano ba ang sinasabi ng Biblia ukol sa ating puso?

Jer.17:9
"Sino ang makakaunawa sa puso ng tao? Ito'y mandaraya at walang katulad; wala nang lunas ang kanyang kabulukan."

Inihambing ng Diyos ang tao tulad sa isang halaman na tumubo sa disyerto na walang aasahan.

Jer 17:6
"Ang katulad niya'y halamang tumubo sa disyerto, sa lupang tuyo at maalat, na walang ibang tumutubo; walang mabuting mangyayari sa kanya."

May pag-asa pa ba ang tao gayong bulok ang kanyang puso? Sa lumang tipan ay binigyan ng Diyos ang tao ng pag-asa at pangako.

Ez 36:26-27
Bibigyan ko kayo ng bagong puso at bagong espiritu. Ang masuwayin ninyong puso ay gagawin kong pusong masunurin. Bibigyan ko kayo ng Aking Espiritu upang makalakad kayo ayon sa aking mga tuntunin at masunod ninyong mabuti ang aking mga utos."

Sa Bagong Tipan ay inilahad ng Diyos ang Ebanghelyo ni Kristo na siyang maykapangyarihang magligtas sa sino mang mananampalataya.

Rom.1:16
"Hindi ko ikinahihiya ang Magandang Balita, sapagka't ito ang kapangyarihan ng Diyos para sa kaligtasan ng bawat sumasampalataya, una'y sa mga Judio at gayundin sa mga Griego."

Ang sinumang magtiwala kay Hesukristo at sa Kanyang Ebanghelyo ay inihambing ng Diyos sa isang malusog na puno.

Jer.17:7-8
"Mapalad ang mga taong nagtitiwala kay Yahweh, pagpapalain ang umaasa sa kanya. Katulad niya'y isang punongkahoy na nakatanim sa tabi ng batisan; ang mga ugat ay patungo sa tubig; hindi ito mangangamba kahit dumating ang tag-init,
sapagkat mananatiling luntian ang mga dahon nito, kahit hindi umulan ay wala itong aalalahanin; patuloy pa rin itong mamumunga."

Ang pangako Niya ay ang patuloy Niyang pagtaguyod sa sinumang mananampalataya na mananatili at magtitiwala sa Kanya at sa Kanyang anak na si Hesus.

Fil.1:6
"Natitiyak kong ang mabuting gawang pinasimulan sa inyo ng Diyos ay Kanyang lulubusin hanggang sa Araw ni Jesu-Cristo."

Hikayatin natin ang bawa't isang mananampalataya na manatiling tapat hanggang sa huling sandali ng kanilang buhay.

Mat.24:13
"Ngunit ang mananatiling tapat hanggang wakas ang siyang maliligtas."

TO GOD BE THE GLORY.

---

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**BRANCH 232, CALOOCAN CITY**
**Telephone No. 8660-2882 /**
**Email: rtc1ccn232@judiciary.gov.ph**
**2nd Flr., Caloocan Commercial Complex, 8th St., East Grace Park, Caloocan City**

**IN RE: PETITION FOR CORRECTION OF ENTRY IN THE CERTIFICATE OF LIVE BIRTH OF MINOR HYDE JEF NICOLE CASTILLO TENORIO**

**HEDELIZA TENORIO TAN,**
Petitioner,

-versus-

**THE LOCAL CIVIL REGISTRAR OF CALOOCAN CITY,**
Respondent.

**SP. PROC. CASE NO. C-6290 (2025)**
For: Correction of Entry under Rule 108
x------------------------------------------x

**ORDER**

This is a verified Petition dated July 14, 2025 filed by Hedeliza Tenorio Tan, praying that after due notice, publication the entries in the Certificate of Live Birth be corrected.

The Court finds the petition to be sufficient in form and substance and accordingly sets it for hearing on **October 16, 2025 at 8:30 a.m.** in its sala located at the 2nd Floor, Caloocan Commercial Complex, 8th Street, East Grace Park, Caloocan City, at which place, date and time, any interested person may appear and show cause why the petition should not be granted.

Let this Order be published in a newspaper of general circulation once a week for three (3) consecutive weeks to be selected by raffle pursuant to P.D.1079 and posted by the Sheriff of this Court in three (3) conspicuous public places in Caloocan City at the expense of the petitioner.

Also, furnish the Office of the Solicitor General, the Office of the Civil Registrar of Caloocan City, and the Office of the Civil Registrar General, Quezon City, as well as the Office of the City Prosecutor of Caloocan City with Copies of this Order and of the Petition.

SO ORDERED.

Caloocan City, August 18, 2025.

**(SIGNED)**
**ROSALIA I. HIPOLITO-BUNAGAN**
Presiding Judge

Copy Furnished:

1. Atty. Emmanuel R. Jabla/Atty. Doel B. Lozano- JABLA BORJA BAGAS Law Offices- Unit 906 Richmonde Plaza San Miguel corner Lourdes Avenues Ortigas Center, 1605 Pasig City jbblawoffices.ph@gmail.com / bongjabla@gmail.com / doellozano@gmail.com
2. Hedeliza Tenorio Tan- c/o JABLA BORJA BAGAS Law Offices- Unit 906 Richmonde Plaza San Miguel corner Lourdes Avenues Ortigas Center, 1605 Pasig City
3. City Prosecutor's Office- CPO, Caloocan City
4. Office of the Civil Registrar General- 8/F CRS Building PSA Complex, East Avenue Diliman, Quezon City
5. Office of the Solicitor General- 134 Amorsolo Street, Legaspi Village, Makati City
6. Local Civil Registrar- Caloocan City

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: September 15, 22 & 29, 2025**

---

**DEED OF EXTRAJUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATES OF THE LATE CARLITO AVIÑANTE REYES AND SILVINA TOLEDO REYES WITH SPECIAL POWER OF ATTORNEY**

Notice is hereby given that the estates of the late Carlito Aviñante Reyes who died on March 20, 1992 in Silang, Cavite, and Silvina Toledo Reyes who died on November 22, 2019 in Marikina City that the said deceased, at the time of their death, left the following properties, more particularly described as follows:

| TAX DECLARATION NO. / TCT NO. / PROPERTY IDENTIFICATION NO. | DESCRIPTION/ CLASSIFICATION | AREA | LOCATION |
|---|---|---|---|
| TD NO: 18-0037-02144 | AGRICULTURAL LAND | 1400 sq. m. | Malabag, Silang, Cavite |
| TCT NO: 244368 / PIN: 115-02-0013-014-055 | RESIDENTIAL LOT | 288 sq. m. | No. 10 Azure Street, SSS Village, Concepcion Dos, Marikina City, Metro Manila |
| PIN: 115-02-0013-014-055-1001 | RESIDENTIAL BUILDING | 84.5 sq. m. | No. 10 Azure Street, SSS Village, Concepcion Dos, Marikina City, Metro Manila |

which is the subject of DEED OF EXTRAJUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATES OF THE LATE CARLITO AVIÑANTE REYES AND SILVINA TOLEDO REYES WITH SPECIAL POWER OF ATTORNEY settled among his/her/their heir/s before Notary Public ATTY. RODHELYN T. DEL MUNDO-BUENDIA on March 27, 2025 at Marikina City under Doc. No. 514; Page No. 104; Book No. 5; Series of 2025.

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: September 08, 15 & 22, 2025**

---

# SSS, nakatakdang maglunsad ng dalawang makabuluhang programa

Bilang bahagi ng kanilang ika-68 anibersaryo, ipinagmalaki ng Social Security System (SSS) ang paglulunsad ng dalawang makabuluhang programa na tiyak na pakikinabangan ng kanilang mga miyembro at pensiyonado.

Ang mga programang ito, na tinawag na MySSS Card at Alagang SSS Program, ay sumusunod sa direktiba ng ating Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr. na patatagin at palawakin pa ang social protection na ibinibigay sa mga Pilipino.

Ang seremonya ng paglulunsad ay pinangunahan nina Finance Undersecretary Rolando Tungpalan, na nagpapakita ng suporta ng pamahalaan sa SSS, at ng SSS President at CEO na si Robert Joseph De Claro, na nagbigay ng detalye tungkol sa mga benepisyo ng mga bagong programa.

Ang MySSS Card ay inaasahang papalitan ang kasalukuyang UMID card. Higit pa sa isang simpleng identification card, ito ay magsisilbing isang functional ID na mayroon ding bank account feature.

Layunin nitong magbigay ng mas madali at mabilis na access sa iba't ibang benepisyo at loan programs na iniaalok ng SSS.

Sa pamamagitan ng MySSS Card, ang pagkuha ng pensiyon, iba't ibang benepisyo, at mga loan ay magiging mas mabilis at mas maginhawa para sa mga miyembro.

Hindi lamang ito limitado sa transaksiyon sa SSS, dahil maaari rin itong gamitin sa pamimili, pagbabayad ng pamasahe, at maging sa mga online payments, na nagbibigay ng malawak na gamit sa pang-araw-araw na buhay.

Samantala, ang Alagang SSS Program ay isang inisyatiba na naglalayong mag-alok ng diskwento sa mga piling gamot para sa mga miyembrong may edad 60 pataas. Ito ay naglalayong isulong ang kalusugan at kapakanan ng mga nakatatanda, na madalas nangangailangan ng gamot para sa iba't ibang kondisyon.

# PCSO Chair, pinaglalabas na ng desisyon ang Ombudsman hinggil sa kanyang pending case

Hinimok ni Philippine Charity Sweepstakes Office (PCSO) Chairperson Felix Reyes ang tanggapan ng Ombudsman na maglabas na ng kanilang pinal na desisyon patungkol sa kasong isinampa laban sa kanya.

Ang apela na ito ay naglalayong payagan si Reyes na maisama sa mga kandidato na pagpipilian ng Judicial and Bar Council (JBC) para sa posisyon ng susunod na Ombudsman ng bansa.

Ipinaliwanag ni Reyes na naniniwala siyang hindi makatarungan kung ang kanyang pangalan ay hindi maisasama sa listahan ng mga potensyal na Ombudsman dahil lamang sa mga kasalukuyang kaso na kanyang kinakaharap, lalo na kung ang mga kasong ito ay inaasahan namang maibasura sa bandang huli.

Iginiit niya na ang gantong sitwasyon ay para na rin siyang pinagkakaitan ng mahalagang oportunidad at binabale-wala ang kanyang mga kwalipikasyon at kakayahan bilang isang dating miyembro ng Hudikatura.

Dahil dito, mariing sinabi ng dating hukom na nararapat lamang na mabigyan siya ng isang patas at pantay na pagkakataon na makonsidera para sa prestihiyosong posisyon ng Ombudsman.

Umaasa siya na ang kanyang record at kakayahan ay masusuri nang walang bias dahil sa mga nakabinbing kaso.Mahalagang alalahanin na nauna nang ipinaalam ng Korte Suprema na isa sa mga pangunahing kinakailangan ng Judicial and Bar Council para sa mga aplikante sa posisyon ng Ombudsman ay ang pagkuha ng isang clearance mula sa mga kinauukulan.

Subalit, dahil sa kasalukuyang kasong kinakaharap ni Reyes bilang PCSO chairperson, nahihirapan siyang makakuha ng kinakailangang clearance na ito. Ang tanging paraan upang siya ay magkaroon ng clearance ay kung ang kaso laban sa kanya ay tuluyang maibasura at mapawalang-saysay.

# BI, binigyang diin walang lugar sa bansa ang mga 'Fake Pinoys'



Binigyang diin ng Bureau of Immigration na wala umanong lugar sa bansa ang mga 'fake pinoys' nanatili sa loob ng Pilipinas.

Ayon kay Immigration Commissioner Joel Anthony Viado, kanilang seseguraduhin na maibsan ang pamamalagi at pagpasok ng dayuhan walang sapat at tamang dokumento.

Kung saan ibinahagi nito ang matagumpay na pagkaaresto sa 3 Chinese nationals na nadiskubreng ilegal ang pananatili sa bansa.

Arestado suna Xu Yonglian, Lin Jinxing, Cai Xiji matapos mapag-alaman hindi legal ang pagtatrabaho nila sa isang commercial building sa Davao City.

Isinagawa anila ang pag-aresto sa pangunguna ng Bureau of Immigration Intelligence division sa Mindanao katuwang ang Philippine Army, Air Force of the Philippines, Philippine National Police at intelligence ng gobyerno.

Ang isa sa mga naaresto ay natuklasan nagpapanggap bilang isang Pilipino at gamit pa ang Filipino name sa pakikipagtransaksyon.

Habang ang iba nama'y nahuling nagtatrabaho sa bansa kahit pa hawa lang nama'y 'tourist visa'.

Dito nakitaan ang mga naarestong dayuhan ng paglabag sa immigration laws ng bansa kaya't ipinagkakatiwala na raw ni Immigration Comm. Viado ang pagresolba ng korte sa mga kaso.

---

Republic of the Philippines
REGIONAL TRIAL COURT
National Capital Judicial Region
Manila
Branch 37
Rms. 426-427, 4th Flr. Manila City Hall
Tel. No. (02) 8354-2141
email add: rtc1mnl037@judiciary.gov.ph

**CHRISNA LUZ CARILLO OKUBO,**
Petitioner,

**Case No. R-MNL-25-05911-SP**

-versus-

**HIROYUKI OKUBO, CITY CIVIL REGISTRY OF MANILA, AND PHILIPPINE STATISTICS AUTHORITY,**
Respondents.

x--------------------------------------------------------x

## ORDER

In a verified petition for Judicial Recognition of Foreign Decree of Divorce, petitioner prays, inter alia, that after due notice and hearing, an Order be rendered recognizing the divorce decree obtained by the petitioner granted by the country of Japan and to issue an order directing the public respondent City Civil Registry of Manila to annotate the decree of divorce in the parties' certificate of marriage and to correct the petitioner's marital status as "Divorce" in accordance with Section 1 of Act No. 3753 or An Act to Establish a Civil Register.

The petition is set for hearing on October 16, 2025 at 8:30 in the morning before this Court sitting at Rooms 426-427, Fourth Floor, Manila City Hall. All interested parties are hereby notified of the said hearing and to show cause why the petition should not be granted.

Let a copy of this Order be published at the expense of the petitioner, once a week for three (3) consecutive weeks, in a newspaper of general circulation in the City of Manila, to be selected by raffle pursuant to P.D. No. 1079 and another to be posted at the bulletin board of RTC-Manila.

Furnish the Office of the Solicitor General, Civil Registrar of the City of Manila, Philippine Statistics Authority and Hiroyuki Okubo with copy of this Order and petition.

SO ORDERED.

Manila, August 11, 2025.

**(SIGNED)**
**VIRGILIO V. MACARAIG**
Presiding Judge

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: September 01, 08 & 15, 2025**

---

# DILG at mambabatas , ikinababahala ng panghihimasok ng Barangay Captain sa pamamalakad ng SK

Ipinahayag ni AKBAYAN Party-list Representative Chel Diokno ang kanyang malalim na pagkabahala hinggil sa umano'y pagiging "beholden" o pagkakaroon ng utang na loob ng mga Sangguniang Kabataan (SK) Council sa mga barangay captain.

Ang partikular na pinoproblema ni Diokno ay ang impluwensya ng mga barangay captain, lalo na pagdating sa usapin ng paggamit at pamamahala ng pondo ng SK.

Sa deliberasyon at pagtalakay ng panukalang ₱287.5-bilyong budget para sa Department of the Interior and Local Government (DILG) sa taong 2026, binanggit ni Diokno ang isang pag-aaral na isinagawa ng Ateneo de Manila University noong taong 2022.

Ayon sa pag-aaral na ito, nananatili pa rin ang kontrol ng mga barangay captain sa pondo ng Sangguniang Kabataan, sa kabila ng malinaw na nakasaad sa batas na ang SK ay nararapat na magkaroon ng sarili nitong bank account at dapat na may awtonomiya o kalayaan sa pagdedesisyon.

Ibig sabihin, bagama't mayroon nang batas na naglalayong protektahan ang awtonomiya ng SK, hindi pa rin ito ganap na naipapatupad sa maraming lugar.

Kinumpirma naman ni Department of the Interior and Local Government (DILG) Secretary Jonvic Remulla ang mga nabanggit na pagkabahala.

Ayon kay Secretary Remulla, isa sa mga malalaking problemang kinakaharap ng mga Sangguniang Kabataan ay ang mababang partisipasyon ng mga SK officials matapos ang kanilang pagkahalal.

Ito ay nagdudulot ng negatibong epekto sa kanilang kakayahang gampanan ang kanilang mga tungkulin.

ADVERTISING
YOUR BRAND + OUR AUDIENCE = SUCCESS

---

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
BRANCH 102- QUEZON CITY

IN RE: PETITION FOR ISSUANCE
OF LETTERS OF ADMINISTRATION
OF THE ESTATE OF CESAR A. CALIWARA

**SP. PROC. NO. Q-89-4005**

**LEONILA YSRAEL CALIWARA,**
Petitioner.

x-------------------------x

IN RE: PETITION FOR ISSUANCE
OF ADMINISTRATION OF THE ESTATE
OF LEONILA YSRAEL CALIWARA

**SP. PROC. NO. Q-93-17123**

**ELIZABETH CALIWARA-PAMINTUAN,**
Petitioner.

x----------------------------------------x

## DECISION

To: **ELIZABETH CALIWARA-PAMINTUAN**

(1) The houses and lot located at No. 7 General Lim Street, Quezon City, Metro Manila, covered by Transfer Certificate of Title No. 65719 of the Register of Deeds of Quezon City, Metro Manila.

(2) The house and lot located at Poblacion Mauban, Quezon, covered by Transfer Certificate of Title No. 64995 of the Register of Deeds of Quezon Province

(3) All other properties, whether real or personal, still belonging to the estate of the Decedents and located in the Municipality of Mauban, Quezon and Lucena City, or its environs.

(4) All ladies jewelry wherever they may be found, belonging to the estate of either decedent. All unset stones and gems shall be adjudicated to Elizabeth but if there are six pieces or more of such stones or gems, she shall chose three to be given to Oscar.

Wherefore, finding the above Agreement to the Settlement of Estate to be in order, not being contrary to law, morals and/or public policy, the Court hereby approves the same and renders judgment in accordance with the terms thereof. The parties are enjoined to comply strictly with the terms and conditions of said Agreement to the Settlement of Estate.

SO ORDERED.
Done in Quezon City, this 7th day of February, 2002.

**(SIGNED)**
**JAIME N. SALAZAR, JR.**
Pairing Judge

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
BRANCH 102, QUEZON CITY

IN RE: PETITION FOR ISSUANCE
OF LETTERS OF ADMINISTRATION
OF THE ESTATE OF CESAR A. CALIWARA

**SP. PROC. NO. Q-89-4005**

**LEONILA YSRAEL CALIWARA,**
Petitioner.

x--------------------------x

IN RE PETITION FOR ISSUANCE
OF ADMINISTRATION OF THE ESTATE
OF LEONILA YSRAEL CALIWARA

**SP. PROC. NO. Q-93-17123**

**ELIZABETH CALIWARA-PAMINTUAN,**
Petitioner.

x--------------------------x

## CERTIFICATE OF FINALITY

This is to certify that the Decision in the above-entitled case rendered by Hon. Jaime N. Salazar, Jr. dated February 7, 2002 is already final and executory.

This certification is being issued upon the request of Mr. Rito A. Negado of Metropolitan Bank and Trust Co., for whatever legal purpose it may serve.

SO ORDERED.
Done in Quezon City, this 10th day of April, 2002.

**(SIGNED)**
**ATTY. ELENITA N.E. MACATANGAY**
Branch Clerk of Court

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: September 01, 08, & 15, 2025**

## Patrick Schwarzenegger at Abby Champion ikinasal na

Ikinasal na ang Hollywood actor na si Patrick Schwarzenegger sa nobyang model na si Abby Champion.

Isinagawa ang lakeside wedding sa northern Idaho na dinaluhan ng kanilang kaanak at kaibigan.

Nanguna ang mga magulang nito na sina Arnold at Maria Shriver at ang half brother nito na si Joseph Baena.

Nagsimula ang relasyon ng dalawa noong 2015 at sila ay engaged noong Disyembre 2023.

## Singer na si Pink dinapuan ng E. Coli bacteria

Ibinahagi ng singer na si Pink ang hindi magandang karanasan nito matapos ang pagbabakasyon.

Sa social media account ng singer ay nagpost ito ng larawan habang mayroong intravenous vitamins.

Sinabi nito na mayroon itong nakain na apektado ng E. Coli bacteria.

Hindi naman na binanggit nito kung saang lugar nito nakuha ang foodbourne disease.

Magugunitang natapos nito ang kaniyang Summer Carnival Tour na nagsimula noong nakaraang taon sa 131 shows sa loob ng 15 bansa.

## Will Devaughn, ikinasal na sa non-showbiz GF

Ikinasal na ang actor na si Will Devaughn sa kaniyang non-showbiz na nobya na si Joanne.

Sa kaniyang social media account ay ibinahagi nitoa ng ilang mga larawan na kuha sa kaniyang kasal.

Ginanap ang pag-iisang dibdib ng dalawa sa Batangas na dinaluhan ng mga malalapit na kaibigan at kaanak ng dalawa.

Pinasalamatan nito ang mga dumalo sa pag-iisang dibdib nila.

## Sikat na Italian designer Giorgio Armani pumanaw na, 91

Pumanaw na ang kilalang Italian designer na si Giorgio Armani sa edad na 91.

Ayon sa kumpanya na kahit sa huling araw ng kaniyang buhay ay ibinigay pa rin nito ang oras sa kumpanya.

May mga maraming plano pa itong inilatag para sa kumpanya.

Hindi na nila binanggit pa ang dahilan ng kaniyang kamatayan.

Nasa mahigit 65 taon ito sa fashion industry kung saan sa kalagitnaan ng taong 1960 ng makasama ito bilang menswear designer ng isa ring sikat na designer na si Nino Cerruti.

Naging freelance designer ito sa ilang mga fashion houses hanggang maglunsad ng sariling brand kasama ang partner nitong si Sergio Galeotti noong Hulyo 1975.

Aabot na ngayon sa mahigit $10 bilyon ang yaman ng kaniyang kumpanya.

Nakilala rin si Armani bilang unang designer na nagbawal sa mga underweight models mula sa runway matapos ang pagkamatay ng modelong si Ana Carolina Reston noong 2006 dahil sa anorexia nervosa.

Siya ang nasa likod ng mga suot ng ilang sikat na mga celebrities gaya nina Zendaya, Cate Blanchett , Julia Roberts at Lady Gaga.



## Radiohead magsasagawa ng konsiyerto matapos ang 7 taon

Ito ang unang pagkakataon na magsagawa ang banda ng mga tours matapos ang pitong taon.

Masasagawa ng apat na show ang banda sa O2 Arena sa London mula Nobyembre 21,22, 24 at 25.

Kasama rin sa listahan kung saan sila tutugtog sa Berlin, Bologna, Copenhagen at Madrid.

Huling nagsama-sama ang grupo noong 2018 kung saan inansiyo ng kanilang drummer na si Philip Selway na nagsama muli sila para magsagawa ng ensayo.

Ilan sa mga kantang pinasikat nila ay ang "Creep" ,"High and Dry" at maraming iba pa.

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**REGIONAL TRIAL COURT**
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**AND EX-OFFICIO SHERIFF**
QUEZON CITY
Email Address: rtc1qznocc@judiciary.gov.ph
Mobile No./Landline No. 09155083986/89243843

**GRASS RESIDENCES CONDOMINIUM CORPORATION represented by SHERRYL R. PAQUIT,**
Petitioner-Mortgagee,

**FRE NO. 15916**

-versus-

**WONG WAI LEONG,**
Respondents-Mortgagor.
x---------------------------------------------x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE OF REAL PROPERTY UNDER ACT 3135 (AS AMENDED)**

Pursuant to Act 3135, as amended by Act 4118 in relation to Section 20 R.A. 4726 (Condominium Act) which provides "xxxxx such liens may be enforced in the same manner provided for by law for the judicial or extrajudicial foreclosure of mortgages or real property. Unless otherwise provided for in the declaration of the restrictions, the management body shall have power to bid the foreclosure sale. The condominium owner shall have the same right of redemption as in cases of judicial or extrajudicial foreclosure of mortgages xxxxx" Notice of Assessment executed on **June 23, 2023** by the **GRASS RESIDENCES CONDOMINIUM CORPORATION represented by Sherryl R. Paquit, Petitioner-Mortgagee,** filed an extra-judicial petition against **WONG WAI LEONG. Respondents-Mortgagor** – Unit 1816, Tower 5, Grass Residences, Nueva Vizcaya cor. Misamis and Nueva Ecija Street, Brgy. Sto. Cristo, Quezon City / Blk. 124 Bedok North Road. #12-135 460124, Singapore, to satisfy the accumulated condominium dues in the total sum of **P414,875.68,** unpaid dues as of June 13, 2025 inclusive of charges and penalties together with all the lawful fees and expenses of foreclosure sale, the Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court of Quezon City and/or his duly authorized deputy Sheriff, hereby announces that on **OCTOBER 28, 2025** between the hours of **9:00 A.M. and 4:00 P.M.,** at the Office of Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff, Regional Trial Court, Hall of Justice Bldg., Elliptical Road, Diliman, Quezon City, will **SELL** through public auction to the highest bidder and for cash, in Philippine currency, the following described real property/ies with all the improvements existing thereon, to wit:

**CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE NO. 004-2020008786**
**Registry of Deeds-Quezon City**

FERN @ GRASS RESIDENCES
TOWER 5
LOCATION OF UNIT: 18TH FLOOR
UNIT NO.: 1816
UNIT TYPE: 1 BR WITH BALCONY
UNIT AREA: 26.4 SQ.M. (MORE OR LESS)

IN THE DIAGRAMMATIC FLOOR PLAN APPENDED TO THE ENABLING OR MASTER DEED OF THE CONDOMINIUM PROJECT ANNOTATED ON TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 2012013126 WHICH EMBRACES AND DESCRIBES THE LAND LOCATED AT MISAMIS AND NUEVA ECIJA STREETS, BRGY. STO. CRISTO, QUEZON CITY WITH AN AREA OF FOURTEEN THOUSAND (14,000) SQUARE METER.xxx xxx

All sealed bids must be submitted to the undersigned at the aforesaid office on the above stated date and time.

Interested parties are hereby enjoined to investigate for themselves the title/s to the said property/ies and the encumbrances thereon, if there be any.

In the event that public auction should not take place on said date due to fortuitous event or if the same be declared a non-working holiday or for any other lawful/valid reasons, it shall be held on **NOVEMBER 4, 2025** at the same time and place without further notice.

Quezon City, Metro Manila, September 5, 2025.

**(SIGNED)**
**RAYMOND A. BUENAVENTURA**
Sheriff IV

**(SIGNED)**
**GREGORIO C. TALLUD**
Clerk of Court VII & Ex-Officio Sheriff

WARNING:

It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of sheriff's sale on or before the date of the auction sale under penalty of the law.

Copy Furnished:

**GRASS RESIDENCES CONDOMINIUM CORPORATION**
Nueva Vizcaya cor. Misamis and Nueva Ecija
Street. Brgy. Sto. Cristo, Quezon City

**WONG WAI LEONG.**
Unit 1816, Tower 5, Grass Residences, Nueva Vizcaya cor. Misamis and Nueva Ecija Street, Brgy. Sto. Cristo, Quezon City

Blk. 124 Bedok North Road, #12-135 460124, Singapore

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: September 15, 22 & 29, 2025**

## Hilary Duff to release new album, star in docuseries

In addition to the album, Hilary will star in an upcoming docuseries that "will chronicle Duff's long-awaited musical return and personal journey, offering an unfiltered vignette into Hilary's world," according to a report by PEOPLE as per press release.

The docuseries will also share a glimpse of her "ups, downs, and everything in between [and] fans will ride shotgun as she balances raising a family, recording new music, live show rehearsals, and preparing to perform on stage for the first time in over a decade."

The docuseries will be directed by Sam Wrench, known for his work on concert films and music documentaries.

On her Instagram page on Tuesday, September 9, Hilary shared a snapshot of her working in the studio as she teased her return to music.

"New music… or something," she wrote.

Fans online were quick to react to her post.

"This is what dreams are made of," one fan commented.

"Oh we are SO back!!" another fan wrote.

Prior to the announcement that she was going to drop a new album, the singer took to social media to look back on her journey in the music industry.

"Clearly I had to go digging around the internet for pictures from this time as I'm not sure camera phones even existed. Sadly all my hairstyles ARE very documented," she wrote as she shared photos when she released her first self-titled album.

"I do know this marker of time was a huge change in my being. I was embarking on something I had no idea would make such an impact on peoples lives, and mine. As much as I look back and think this album doesn't hold the emotional depth I look for today, I know my 14/15 year old self meant every word. It sure as hell also landed on people at the right moment in time and set me off on a pretty epic adventure," she said.

She went on: "I remember some of my first shows being in a skate park in San Jose, and very shortly after, stepping out on stage in arenas. Yesterday marked the 22nd anniversary of Metamorphosis… Although these are distant memories for me, thank you for showing up the way that you did. To be continued."






"LEMME TEASE BOTIQUE RTW TARLAC"
Taytay RTW Base
Purok Saranay Sitio Banga-banga Villa Aglipay
San Jose, Tarlac, Philippines
Contact No.# 09460277182
Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: September 15 - 21, 2025




#308 Barangka Drive in front of Bonifacio
Javier National High School, Mandaluyong City
Contact : Juliana Diesta # 09052264801
krusty.ebox@gmail.com
Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: September 15 - 21, 2025




FB PAGE: www.fb.com/SEJCondoHotel
Contact No. 09665262989
Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: September 15 - 21, 2025


# 14 patay, matapos ang marahas na protesta sa Nepal laban sa social media ban

Hindi bababa sa 14 katao ang namatay at dose-dosenang iba pa ang nasugatan sa marahas na kilos protesta sa pagitan ng mga raliyista at pulis sa Kathmandu, Nepal, bunsod ng desisyon ng gobyemo na ipagbawal ang 26 social media platforms tulad ng Facebook, X (dating twitter), at YouTube.

Dahil dito nilusob ng mga raliyista ang gusali ng parliament at tangkaing pasukin kung saan dito na umano gumamit ng baril ang mga pulis laban sa mga raliyista dahilan para masugatan at masawi ang ilan sa mga ito.

Nabatid na una nang hiniling ng iba't ibang grupo na wakasan ang social media ban at katiwalian sa bansa.

Gayunpaman gumamit din umano ng tear gas at water cannons ang hanay ng pulisya ngunit napilitang magtago sa loob ng parliament compound.

Bukod dito nagdeklara narin ng curfew sa ilang bahagi ng lungsod, kabilang ang paligid ng parliament at ng presidential house, upang mapigilan ang karagdagang karahasan.

Tinawag naman ng mga awtoridad ang rally bilang "Gen Z" na kinabibilangan ng mga kabataang ipinanganak mula 1995 hanggang 2010.



Nag-ugat ang pag-ban matapos umanong paulit-ulit na padalhan ng pamahalaan ng notice ang mga social media companies na magparehistro na ngunit nabigo umano ang karamihan sa mga ito dahilan para sila ay i-ban.

Habang nanatili naman ang TikTok at Viber na gumagana sa bansa.

Samantala umugong naman ang pagsusulong ng panukalang batas para ma-regulate ang social media platforms para umano mapilitang ma-accout ang mga ito kung sakaling may pananagutan, ngunit ayon sa mga human rights group paraan umano ito ng censorship at pag-supil sa malayang pagpapahayag.

# Nepali Prime Minister Oli nagbitiw sa puwesto matapos ang malawakang kilos protesta

Nagbitiw sa kaniyang puwesto si Nepali Prime Minister KP Sharma Oli dahil sa malawakang kilos protesta.

Ang nasabing pagbibitiw niya ay kasunod ng hindi bababa sa 20 katao na ang nasawi dahil sa kilos protesta.


Gumamit ang mga kapulisan ng live ammunition, water cannons at tear gas laban sa mga protesters.

Pinagbabato rin at sinira ng mga protesters ang ilang bahagi ng bahagi ng nagbitiw na Prime Minister Oli.

Ikinagalit ng mga protesters ang ipinatupad ng gobyemo ng pagbabawal ng paggamit ng social media ganun din ang mga malawakang kurapsyon.

Magkakasunod din ang pagbibitiw ng ilang mga cabinet ministers.

Nanawagan na si Nepal President Ramchandra Paudel sa mga protesters na magkaroon ng mapayapang pag-uusap.



## MONDAY ENTERTAINMENT

### WORD HUNT

LITTLE HOUSE ON THE PRAIRIE



ALBERT
ALMANZO
CAROLINE
CARRIE
CHARLES
DR BAKER
GRACE
HARRIET
HESTERSUE
JACK
LARS
LAURA
MARY
NELLIE
NELS
ROSE
WILLIE

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| I | L | A | U | R | A | L | G | A | R | I | Z |
| D | R | R | A | A | S | D | R | R | E | L | E |
| R | C | C | R | O | S | E | E | L | A | R | T |
| B | E | I | L | L | I | W | H | L | T | C | W |
| A | C | H | A | R | L | E | S | L | O | N | E |
| K | C | A | R | O | L | I | N | E | E | E | I |
| E | H | R | R | I | A | L | M | A | N | Z | O |
| R | N | R | R | L | L | L | A | R | E | A | T |
| L | E | I | S | N | E | L | L | I | E | E | E |
| M | L | E | E | S | O | L | B | R | K | A | L |
| E | S | T | R | Y | W | B | E | L | C | A | K |
| S | R | A | R | S | E | I | R | R | A | C | R |
| M | L | A | A | I | R | C | T | L | J | R | E |
| A | M | A | E | U | S | R | E | T | S | E | H |

PVN SPORTS

NO. VIII | ISSUE NO. 07 | SEPTEMBER 15 - 21, 2025 | ₱15.00

## Alex Eala, umangat sa World No. 61 ng WTA matapos ang magwagi sa Guadalajara 125 Open



Umakyat si Alex Eala sa ika-61 puwesto sa pinakabagong WTA rankings matapos ang kanyang makasaysayang panalo sa Guadalajara 125 Open sa Mexico, kung saan siya ang naging kauna-unahang Pilipina na nagwagi ng WTA singles title.

Dahil sa nasabing tagumpay, tumaas ng 14 na ranggo si Eala mula sa dating ika-75.

Tinalo niya si Panna Udvardy ng Hungary sa final, 1-6, 7-5, 6-3, sa isang come-from-behind win na nagpamalas ng kanyang tibay at puso.

Ang 20-anyos na tennis star ay dating umabot sa career-high ranking na World No. 56, at kasalukuyang ikatlong seed sa darating na Sao Paulo Open, isang WTA 250 tournament sa Brazil ngayong linggo.

Bago nito, nakuha rin ni Eala ang kanyang unang panalo sa Grand Slam main draw sa US Open, bago na-eliminate sa second round.

## NBA All-Star Game magkakaroon ng bagong format

Magkakaroon na ng panibagong format ang NBA All-Star Game sa susunod na taon.

Mula sa dating dalawang team ay magiging tatlong team ito na USA vs. World.

Mayroong dalawang USA team na binubuo ng walong miyembro at isang World team kung saan maglalaro ang mga ito ng single round robin format.

Sinabi ni NBA Commissioner Adam Silver, naging maganda ang feedback mula sa mga manlalaro at mga koponan.

Gaganapin ang NBA All-Star sa Intuit Dome sa Los Angeles sa buwan ng Pebrero ng susunod na taon.

## Carlos Alcaraz nagkampeon sa US Open

Nagkampeon si Carlos Alcaraz sa US Open matapos talunin si Jannik Sinner 6-2, 3-6, 6-1, 6-4 .



Ito na ang pangalawang panalo ng Spanish tennis player kay Sinner sa grand slam final at ang pangalawang major ngayong season.

Unang nagkampeon ang 22-anyos sa US Open noong 2022 at pang-anim na major championship nito.

Dahil sa panalo ay papalitan niya si Sinner sa unang puwesto sa men's world ranking.

## Newsome pumayag ng 3-year contract extension sa Bolts




Pumayag ng tatlong taon na extension sa Meralco Bolts si Chris Newsome.


Dito nagtapos ang nasabing kasunduan kahit na mayroon itong option na pagpirma sa ibang koponan bilang unrestricted free agent si Newsome.

Ayon kay coach Luigi Trillo na naging bahagi na ng programa ng Bolts si Newsome kaya masaya sila sa desisyon niyang palawigin ang kontrata.

Lumabas kasi ang usapin dahil sa pagtatapos ng kontrata ng 35-anyos na manlalaro sa Bolts ay sinasabing mayroon itong balak na lumipat sa Barangay Ginebra kung saan bilang bahagi ng Gilas Pilipinas ay nakasama niya si Gins coach Tim Cone.

Magugunitang taong 2015 ng kunin ng Bolts si Newsome kung saan naging susi ito sa pagkampeon ng koponan noong 2024 Philippine Cup.





# Mike Tyson at Mayweather maghaharap sa exhibition boxing

Nagkasundong maglaban sa boxing ring ang dalawang legendary boxer sa mundo na sina Mike Tyson at Floyd Mayweather Jr.

Kapwa pumirma na ng kasunduan ang kampo ng dalawang boksingero para isagawa ang exhibition match sa susunod na taon.

Inaayos pa ng organizers ang mga petsa ganun din ang lugar kung saan ito gaganapin.

Sinabi ng retiradong heavyweigh boxer na si Tyson na hindi niya inaasahan na mangyayari ang nasaibng laban kung saan hindi basta mahulaan kung sino ang maaaring manalo sa kanilang dalawa.

Hindi rin ito makapaniwala na pumayag din si Mayweather na isagawa ang laban kaya hindi ito nagdalawang isip na kumasa sa hamon.

Sa panig naman ni Mayweather na dahil sa exhibition ito ay hindi niya isusugal ang kaniyang malinis na 50 panalo at walang talo.

Itinuturing pa nito na isang magiging malaki ang laban kung saan matutunghayan ng mga fans ang kanilang matagal na inaasam sa laban.

Huling lumaban si Mayweather ay noong Agosto 2017 ng talunin si dating UFC fighter Conor McGregor habang si Tyson ay huling lumaban noong Nobyembre 2024 laban kay Jake Paul.

## Carmelo Anthony at iba pang NBA at WNBA Stars, pinarangalan sa 2025 Basketball Hall of Fame

Pinarangalan si Carmelo Anthony sa Naismith Memorial Basketball Hall of Fame noong Sabado (araw sa Amerika), kasama ang mga basketball legends tulad nina Dwight Howard, Sue Bird, Maya Moore, at Sylvia Fowles.

"Pardon my language, but damn," ani Anthony habang naiiyak.

Bagama't hindi siya nagkampeon sa NBA, iginiit ni Anthony na alam niya ang halaga ng kanyang naiambag sa mga nakaraang laro.

Si Anthony at Howard ay bahagi rin ng 2008 U.S. Olympic "Redeem Team" na nag-uwi ng gintong medalya sa Beijing matapos mabigo sa mga naunang torneo. Sumama sila sa iba pang Hall of Famers na miyembro rin ng team tulad nina Kobe Bryant, Jason Kidd, Dwyane Wade, at Chris Bosh.

Kauna-unahan din ngayong taon na tatlong WNBA players—Bird, Moore, at Fowles ang sabay-sabay na nainduct.

Sa kanyang talumpati, binigyang-pugay ni Dwight Howard ang kanyang mga magulang, partikular ang kanyang ina na nakaranas ng pitong miscarriage bago siya isilang. Biro at inspirasyon ang laman ng kanyang speech, ngunit tinapos niya ito sa mensahe para sa kanyang mga anak:

"You only die once but you live every day."

Samantala nakumpleto ang Hall of Fame class ng 2025 sa pamamagitan nina Billy Donovan (coach), Micky Arison (Miami Heat owner), at Danny Crawford (NBA referee).





## US Open defending champion Aryna Sabalenka muling nakapasok sa finals

Pasok na sa finals ng US Open si defending champion Aryna Sabalenka.

Kasunod ito ng pagkapanalo niya sa semifinal round laban kay American fourth seed Jessica Pegula 4-6, 6-3, 6-4.

Sa unang set ay nakuha ni Pegula ang panalo at pagpasok ng ikalawa hanggang ikatlong round ay doon na nakabawi ang Belarusan World number 1.

Umabot sa dalawang oras at limang minuto ang laban sa laro na ginanap sa Arthur Ashe Stadium court.

Ito na ang tatlong sunod na taon na nakapasok sa finals ng US Open si Sabalenka.

May tsansa na rin ito para maging unang babae na magkakasunod naipagtanggol nito ang titulo kasunod ni Serena Williams noong 2014.